

DISTRITO NG PAMPUBLIKONG UTILIDAD NG BODEGA BAY PATAKARAN SA PAGPUTOL NG RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

Layunin/Kasaysayan

Nakadetalye sa patakarang ito ang pang-administratibong aksyon ng Distrito ng Pampublikong Utilidad ng Bodega Bay (Distrito) para sa pagkolekta ng mga delingkwenteng account, kabilang ang mga abiso, mga pagtatalaga ng singil at pagputol ng serbisyo sa tubig. Ang patakarang ito ay nilalayon upang higit pang ipatupad ang Ordinansa 40 at sundin ang lahat ng aspeto ng Water Shutoff Protection Act (SSB 998, Batas sa Proteksyon sa Pagputol ng Tubig).

Maaaring makipag-ugnay sa mga kawani ng Distrito nang personal sa pangunahing tanggapan sa 265 Doran Park Road o sa pamamagitan ng telepono sa (707) 875-3332 upang talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng mga residensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

Makukuha ng publiko ang kopya ng patakarang ito sa website ng Distrito at sa paraang nakasulat kapag hiniling. Makukuha ang patakarang ito sa Ingles, Espanyol, Vietnamese, Koreano, Tsino, at Tagalog.

Delingkwenteng Account

Ang mga singil sa tubig ng Distrito ay dapat bayaran at maaaring bayaran sa tanggapan ng Distrito sa petsa ng pagpapadala sa koreo ng bill at delingkwente sa ikadalawampung araw ng buwan kasunod ng buwan kung kailan ipinadala ang bill. Ang mga sumusunod na patakarang ay dapat iangkop sa pagkolekta ng mga delingkwenteng account:

Account na may Maliit na Balanse: Anumang balanse sa bill na \$20 o mas mababa pa ay maaaring ilipat, at idagdag sa, susunod na billing period nang hindi matatasa para sa singil sa nahuling pagbayad o maiipunan ng mga karagdagang aksyon sa pagkolekta.

Mga Singil sa Nahuling Pagbabayad: Anumang bill na hindi binayaran sa loob ng 20 araw pagkatapos ng petsang ibinigay ang bill ay dapat na maging delingkwente at isang multa ng 10% ng delingkwenteng halaga ang kokolektahin kasama ang prinsipal na halaga.

Ang mga Singil sa Nahuling Pagbabayad na may Kasunduan sa Alternatibong Pagbabayad: Ang mga singil sa nahuling pagbabayad ay hindi tatasahin sa mga hindi nabayarang balanse na mapapailalim sa isang kasunduan sa alternatibong pagbabayad o sa mga hindi nabayarang balanse na napailalim sa hindi matagumpay na pag-apela at na nabayaran nang buo, sa loob ng 5 araw kasunod ng apela.

Waiver sa Singil sa Nahuling Pagbabayad: Sa kahilingan ng customer, ipagpapaliban ng Distrito ang singil sa nahuling pagbabayad kung may mga makatuwirang kalagayan, o kung ang taunang kita ng sambahayan ng customer ay mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng

kahirapan, at ang customer ay hindi natasa para sa singil sa nahuling pagbabayad para sa delingkwenteng pagbabayad sa nakaraang 12 buwan.

Mga Kaayusan sa Plano ng Amortisasyon: Ang sinumang customer na hindi nakakapagbayad para sa serbisyo sa tubig sa loob ng regular na panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng plano ng amortisasyon para maiwasan ang pagkagambala sa serbisyo. Isasaalang-alang ng Distrito ang lahat ng sitwasyong nakapalibot sa kahilingan at magpapasya kung naaangkop ang pagsasaayos ng pagbabayad.

Mga Kasunduan sa Alternatibong Pagbabayad:

- A. Ang anuman o lahat ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad ay dapat hilingin ng customer bago ang naka-iskedyul na petsa ng pagtigil ng serbisyo (pagputol). Kabilang sa mga Kasunduan sa Alternatibong Pagbabayad ang:
1. Mga Pagsasaayos ng Alternatibong Pagbabayad: Ang sinumang customer na hindi nakakapagbayad para sa mga singil sa tubig sa loob ng regular na panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng pagsasaayos ng alternatibong pagbabayad para maiwasan ang mga singil sa nahuling pagbabayad o pagkagambala sa mga serbisyo. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad kung humiling ang customer at pumasok sa isang kaayusan sa alternatibong pagbabayad.
 2. Amortisasyon ng Kabayaran: Ang mga kaayusan sa pagbabayad na umaabot sa susunod na billing period ay itinuturing na plano ng amortisasyon, na dapat ay nasa paraang nakasulat at pipirmahan ng customer. Ang plano ng amortisasyon ay unti-unting babayaran ang hindi nabayarang balanse sa loob ng pinalawig na panahon na sinang-ayunan ng Distrito, na hindi lalampas ng 12 buwan mula sa orihinal na petsa ng bill. Ang halaga ng amortisadong kabayaran at ang kasalukuyang kabayaran ay dapat na matanggap ng Distrito nang hindi lalampas sa ikadalawampung araw ng buwan kung kailan dapat bayaran. Dapat sumunod ang customer sa mga tuntunin ng plano ng amortisasyon at manatiling nasa kasalukuyan dahil naiipon ang mga singil sa bawat sumusunod na panahon na pagsingil.
 3. Pagbabawas ng Bahagi ng Hindi Nabayarang Balanse: Ang kahilingan para sa pagbabawas ng bahagi ng hindi nabayarang balanse ng account ay dapat iharap sa paraang nakasulat sa Pangunahing Tanggapan ng Distrito (PO Box 70, Bodega Bay, CA 94923). Isang kahilingan lamang kada customer ang maaaring maiharap sa loob ng 12 buwan.
- B. Isang aktibong kasunduan sa alternatibong pagbabayad lamang ang maaaring umiral sa account sa anumang panahon. Hindi magiging karapat-dapat ang isang customer na makibahagi sa anumang mga kasunduan sa alternatibong pagbabayad kung nabigo silang sumunod sa mga tuntunin ng nakaraang kasunduan sa alternatibong pagbabayad sa loob ng nakaraang 12 buwan.
- C. Ang hindi pagsunod sa mga tuntunin ng anumang kasunduan sa alternatibong pagbabayad na nakalista sa itaas ay magresulta sa pagsasailalim ng account sa pagputol ng serbisyo.

Puputulin ang serbisyo sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na kalagayan: hindi nakasunod ang customer sa mga tuntunin ng isang kasunduan sa alternatibong pagbabayad ng 60 araw o higit pa; o habang nasa ilalim ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad, hindi binabayaran ng customer ang kanyang kasalukuyang mga singil sa residensyal na serbisyo ng 60 araw o higit pa.

- D. Maaaring piliin ng Distrito kung sa aling mga opsyon sa kaayusan sa pagbabayad mapapailalim ang customer at maaaring magtakda ng pamamaraan sa opsyon sa pagbabayad.

Nakasulat na Abiso sa Pagputol ng Serbisyo: Sa kabila ng anumang salungat sa Ordinansa 40, hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa maging delingkwente ang pagbabayad ng customer ng hindi bababa sa 60 araw. Magsusumikap ang Distrito sa makatuwirang paraan at may mabuting layunin na makipag-ugnay sa customer 15 araw bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad. Ipapadala ang nakasulat na abiso sa pagputol ng serbisyo sa address na pangkoreo na nakatalaga sa account. Kung ang address na pangkoreo at ang address ng ari-arian kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo sa tubig ay magkaiba, ipapadala ang pangalawang abiso sa siniserbisyuhang address at nakalaan sa “Okupante”. Isasama sa nakasulat na abiso sa pagputol ng serbisyo ang:

- Pangalan at address ng customer.
- Halaga ng pagkadelingkwente.
- Takdang araw ng pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng mga serbisyo.
- Ang proseso ng pag-apply sa pagpapalawig ng pagbabayad.
- Ang proseso ng pagpetisyon para mapag-aralan at iapela ang bill.
- Ang proseso ng pag-apply para sa isang kaayusan sa alternatibong pagbabayad, isang plano ng amortisasyon, o pagbabawas sa bahagi ng hindi nabayaran balanse.
- Ang numero sa pakikipag-ugnayan at telepono ng Distrito.

A. Abiso sa mga Residensyal na Nangungupahan/Okupander sa isang Tirahang Indibidwal na Nakametro

Gagawa ng isang makatuwiran at may mabuting layuning pagsusumikap ang Distrito para ipaalam sa mga okupante sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag ang account na siniserbisyuhan ng tubig ay hindi nakakabayad at sumasailalim sa pagputol nang hindi bababa sa 7 araw bago putulin ang serbisyo sa tubig. Ipapaalam ng nakasulat na abiso sa nangungupahan/okupante na may karapatan silang maging mga customer ng Distrito nang hindi inaatasang bayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkuwenteng account, hangga't pumapayag silang akuin ang pampinansyal na responsibilidad sa mga susunod na singil para sa serbisyo sa tubig sa address na iyon. Upang maipagpaliban ang halagang dapat bayaran para sa delingkuwenteng account, dapat magbigay ang nangungupahan/okupante ng beripikasyon ng pangungupahan sa anyo ng kasunduan sa pag-upa o katibayan ng mga pagbabayad ng upa.

- B. Abiso sa mga Nangungupahan/Okupante sa Complex na may Maramihang Yunit na Siniserbisyuhan sa pamamagitan ng isang Master Meter Gagawa ng isang makatuwiran at may mabuting layuning pagsusumikap ang Distrito para ipaalam sa mga okupante, sa pamamagitan ng nakasulat na abisong nakasabit sa pinto ng bawat tirahan, kapag ang account na siniserbisyuhan ng tubig ay hindi pa nababayaran at sumasailalim sa pagputol nang hindi bababa sa 10 araw bago putulin ang serbisyo sa tubig. Ipapaalam ng nakasulat na abiso sa nangungupahan/okupante na may karapatan silang maging mga customer ng Distrito nang hindi inaatasang bayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkuwenteng account, hangga't pumapayag silang akuin ang pampinansyal na responsibilidad sa mga susunod na singil para sa serbisyo sa tubig sa (mga) address na siniserbisyuhan ng master meter. Kung ang isa o higit pa sa mga okupante ay pumapayag at magagawang mag-ako ng responsibilidad para sa mga susunod na singil sa kasiyahan ng Distrito, o kung mayroong legal na pisikal na pamamaraan na mapipili ang pagputol ng serbisyo sa mga okupanteng hindi nakatugon sa mga iniaatas para sa serbisyo, ipagkakaloob ng Distrito ang serbisyo sa mga okupanteng makakatugon sa mga iniaatas.

Kung ang nakasulat na abiso sa pagputol ng serbisyo ay naibalik sa pamamagitan ng koreo bilang hindi maihahatid na sulat o kung ang siniserbisyuhang address ay hindi nakatanggap ng abiso sa siniserbisyuhang address na iyon, gagawa ang Distrito ng makatuwiran at may mabuting layuning pagbisita sa tirahan at mag-iiwan ng abiso para sa pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad.

Hindi magiging responsable ang Distrito sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan na telepono o iba pang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na hindi pinanatiling up-to-date ng customer.

Pagputol ng Serbisyo sa Tubig:

- A. Panghuling Abiso sa Pagputol ng Serbisyo: Ang hindi pagsunod sa mga tuntunin ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad ng 60 araw o higit pa o ang hindi pagbabayad sa mga kasalukuyang residensyal na serbisyo ng 60 araw o higit pa ay magresulta sa paglalabas ng panghuling abiso sa pagputol ng serbisyo. Ang panghuling abiso sa pagputol ng serbisyo ay magiging sa anyo ng door hanger (isasabit sa pinto) sa siniserbisyuhang address nang hindi bababa sa 5 araw bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig.
- B. Apatnapu't walong Oras na Abiso ng Pagputol ng Serbisyo: Magsusumikap ang Distrito sa makatuwirang paraan at may mabuting layunin na abisuhan ang customer 48 oras bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa pamamagitan ng numero ng telepono na nasa account. Ang 48 oras na patiunang pagtawag ay bilang paggalang at ang hindi pagtawag ng Distrito o hindi pagsagot ng customer sa tawag ay

hindi mangangahulugang pagtanggap ng dahil ng hindi pagbabayad o pagkaantala ng pagputol ng serbisyo.

- C. Takdang Huling Araw ng Pagputol ng Serbisyo: Ang lahat ng singil sa serbisyo sa tubig at mga kaugnay na singil ay dapat matanggap ng Distrito ng hindi lalampas ng 4:00 PM sa araw na nakasaad sa nakasulat na abiso. Ang anumang account ng customer na nananatiling hindi nabayaran at walang kasunduan sa alternatibong pagbabayad na lampas sa araw ng pagbabayad na itinakda ng panghuling abiso ay sasailalim sa pagputol ng serbisyo sa tubig. Ang lahat ng kahilingan para sa kasunduan sa alternatibong pagbabayad o kahilingan para sa apela ay dapat matanggap ng Pangunahing Tanggapan ng Distrito (PO Box 70, Bodega Bay, CA 94923) sa hindi lalampas ng 4:00 PM sa araw na nakasaad sa nakasulat na abiso ng pagputol ng serbisyo.
- D. Pagputol ng Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad: Puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng pagpatay at sa ilang mga pagkakataon, pagla-lock ng metro sa petsang nakasaad sa nakasulat na abiso. Sisingilin ang customer ng para sa muling pagpapakabit na hanggang sa \$100.
- E. Field Staff ng Distrito: Ay hindi maaaring gumawa ng mga kaayusan sa pagbabayad o tumanggap ng mga kabayaran.

Hindi puputulin ang mga serbisyo sa tubig ng residente kung ang LAHAT ng sumusunod na kondisyon ay natugunan:

- a) Magsusumite ang customer sa Distrito ng sertipikasyon ng primary care provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) na ang pagputol sa residensyal na serbisyo at banta sa buhay sa, o isang seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente sa gusali kung saan ipinagkakaloob ang residensyal na serbisyo.
- b) Ipapakita ng customer na hindi niya kayang bayaran ang residensyal na serbisyo sa loob ng regular na billing cycle ng Distrito. Ituturing na hindi kayang bayaran ng customer ang residensyal na serbisyo ng tubig sa loob ng regular na billing cycle ng Distrito kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng tulong mula sa CalWORKS, CalFresh, General Assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ipinahayag ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan.
- c) Pumapayag ang customer na pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, o isang plano para sa naipagpaliban o binawasang kabayaran, na naaayon sa mga nakasulat na patakaran ng Distrito.
- d) Responsibilidad ng customer na isumite sa Distrito sa oras ang dokumentasyong nakalista sa itaas. Kung ang impormasyon ay hindi naisumite sa tamang oras o hindi kumpleto, magbibigay ang Distrito ng bagong abiso sa pagputol ng serbisyo.

Muling Pagpapakabit ng Serbisyo sa Tubig: Upang maibalik o maipagpatuloy ang serbisyo sa tubig na pinutol dahil sa hindi pagbabayad, dapat bayaran ng customer ang singil sa muling pagpapakabit na hanggang \$100. Ang mga customer na magpapakita sa Distrito na sila ay mayroong sambahayang may taunang kitang mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan ay sasailalim sa singil sa muling pagpapakabit na \$50 sa mga regular na oras ng tanggapan (tataas ang halagang ito taun-taon sa Enero batay sa pagbabago sa indise ng presyo ng mamimili). Sisikapin ng Distrito na muling ikabit ang serbisyo sa lalong madaling panahon ngunit, sa minimum, ibabalik ang serbisyo bago ang katapusan ng susunod na regular na araw ng paggawa kasunod ng pagbabayad ng anumang halagang hindi nabayaran, mga delingkwenteng singil na kaugnay ng pagputol ng serbisyo. Ang serbisyo ng tubig na binuksan ng sinumang taong bukod sa mga tauhan ng Distrito o nang walang pahintulot ng Distrito ay maaaring sumailalim sa mga multa at mga karagdagang singil. Anumang mga pagkasirang naganap bilang resulta ng hindi awtorisadong pagpapanumbalik ng serbisyo ay ang responsibilidad ng customer.

Muling Pagkabit ng Serbisyo sa Tubig pagkatapos ng mga Oras ng Tanggapan: Maaaring walang tauhan ng Distrito na makakagawa ng muling pagkabit pagkatapos ng oras ng tanggapan. Kung mayroon, ang serbisyon ibinalik pagkatapos ng 3:30 PM Lunes-Biyernes, Sabado at Linggo o mga holiday ay sisingilin ng para sa pagpapakabit pagkatapos ng mga regular na oras ng tanggapan na hanggang \$150. Ang singil sa muling pagpapakabit pagkatapos ng mga regular na oras ng tanggapan ay dagdag sa regular na singil sa muling pagpapakabit at mga singil na dapat bayaran para sa delingkwenteng account.

Abiso sa Disposisyon ng Ibinalik na Tseke: Sa pagtanggap ng ibinalik na tseke na itinuring na kabayaran para sa serbisyo sa tubig o iba pang mga singil, ituturing ng Distrito na hindi bayad ang account. Magsusumikap ang Distrito sa makatuwirang paraan at may mabuting layunin na abisuhan ang customer sa pamamagitan ng telepono o sulat ng ibinalik na kabayaran. Puputulin ang serbisyo sa tubig kung ang halaga ng ibinalik na tseke at ang singil sa ibinalik na tseke at hindi nabayaran sa o bago ang nakasaad na petsa sa abiso. Ang lahat ng halagang binayaran upang makuha ang ibinalik na tseke at upang bayaran ang singil sa ibinalik na tseke ay dapat na sa pamamagitan ng cash, credit card (online lamang), o cashier's check. Sa kaganapang ang tseke ng customer o online na pagbabayad ay ibinalik ng bangko na hindi nabayaran ng 3 beses sa loob ng 12 buwan, aabisuhan ng Distrito ang customer na ipinapaalam na cash, credit card (online lamang), o cashier's check lamang ang tatanggapin bilang kabayaran para sa yugto ng 12 buwan mila sa pinakakasalukuyang ibinalik na kabayaran. Ang ibinalik na tseke ay mula \$5 hanggang \$12.

Mga Ibinalik na Tseke para sa mga Serbisyon Dating Pinutol: Sa kaganapang nagbigay ang customer ng non-negotiable na tseke bilang kabayaran upang maibalik ang serbisyo ng tubig na dating pinutol dahil sa hindi pagbabayad at ibinalik ng Distrito ang mga serbisyo, isasaalang-alang ng Distrito ang delingkwenteng account na hindi nabayaran at maaaring agad na putulin ang serbisyo nang hindi nagbibigay ng karagdagang abiso. Ang sinumang customer na nag-iisyu

ng isang non-negotiable na tseke bilang kabayaran upang ibalik ang serbisyo ng tubig na pinutol dahil sa hindi pagbabayad ay aatasang magbayad ng cash, credit card (online lamang), o cashier's check upang ibalik ang mga pagputol ng serbisyo sa hinaharap para sa yugto ng 12 buwan mula sa petsa ng ibinalik na kabayaran.

Proseso ng Pag-apela: Kung ninanais ng customer na iapela ang lahat o bahagi ng balanse ng account, isang nakasulat na kahilingan para rito ang dapat iharap sa Pangunahing Tanggapan ng Distrito. Dapat maging kabilang sa nakasulat na kahilingan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng customer, ang halagang hiniling na iapela, at ang paliwanag at pangangatuwiran para sa kahilingan. Ang nakasulat na kahilingan ay dapat matanggap sa loob ng 60 araw ng paglalabas ng bill na nais iapela ng customer at bago ang naka-iskedyul na petsa ng pagputol ng serbisyo. Para sa mga layunin ng apela, ang mga sinasalungat na singil sa tubig ay ipinagpapalagay na balido. Responsibilidad ng customer na ipakita ang kabaligtaran nito. Habang nakabinbin ang apela sa account, walang mga karagdagang singil sa nahuling pagbabayad ang iaangkop sa balanse ng account. Hindi rin puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad habang nakabinbin ang apela.

3479186.1